# Operasyon para sa Kanser

*Surgery for Cancer – Tagalog*

Maaaring gamitin ang operasyon upang maiwasan, mag-diagnose, o gamutin ang kanser. Ang iba pang dahilan kung bakit dapat isagawa ang operasyon ay upang makatulong sa pagpapabuti ng mga sintomas o tugunan ang mga problemang dulot ng kanser. Paminsan-minsan, ang operasyon para sa kanser ang maaaring gamitin para sa mahigit sa isang dahilan.

## Paano magagamit ang operasyon para sa kanser

- **Upang maiwasan ang kanser:** Nakakatulong ang operasyon sa pag-iwas sa ilang kanser sa pamamagitan ng pag-alis sa mga bagay na gaya ng paglaki o bahagi ng katawan kung saan maaaring magsimula ang kanser.
- **Upang ma-diagnose ang kanser:** Maaaring isagawa ang operasyon upang alisin ang maliit na bahagi ng tisyu at suriin ito. Ito ay tinatawag na biopsy. Kadalasan, ang pagsasagawa ng biopsy ay ang tanging paraan upang malaman kung ang isang tao ay may kanser at kung anong uri ng kanser ang mayroon sila.
- **Upang malaman ang yugto ng kanser:** Maaaring gamitin ang operasyon upang tingnan ang mga bahagi ng katawan upang malaman kung gaano karami ang kanser, kung kumalat na ito, o kung gaano karami ang kumalat.
- **Upang gamutin ang kanser:** Maaaring isagawa ang kanser upang alisin ang maraming kanser hangga't maaari. Paminsan-minsan, operasyon ang natatanging paggamot na kailangan. Sa ibang pagkakataon, ang mga paggamot na gaya ng radiation therapy o chemotherapy ay kakailanganin bago o pagkatapos ng operasyon.
- **Upang mapabuti ang mga sintomas:** Maaaring gamitin ang operasyon upang gamutin ang mga problemang dulot ng kanser, gaya ng pananakit o presyong dulot ng tumor.

## Paghahanda para sa operasyon

Narito ang ilang bagay na maaaring kailanganin mong gawin upang makapaghanda para sa operasyon:

- Ipaalam sa iyong cancer care team ang tungkol sa lahat ng gamot, bitamina o supplement na iyong iniinom. Kakailanganin mo rin itong ipaalam sa iyong surgery team. Maaaring sabihin nila sa iyong itigil ang pag-inom sa ilan sa mga ito bago ang operasyon.
- Maaaring kailanganin mong makakuha ng ilang pagsusuri sa dugo, mga imaging test na gaya ng mga x-ray, o iba pang mga pagsusuri bago ang operasyon.
- Maaaring sabihin sa iyong itigil ang pagkain at pag-inom ng ilang panahon bago ang operasyon.
- Maaari kang mabigyan ng mga gamot upang matulungan kang dumumi bago ang operasyon.
- Maaari kang mabigyan ng mga espesyal na tagubilin sa pagligo o paglilinis ng iyong balat bago ang operasyon.

## Mga side effect ng operasyon

Ang mga side effect ay depende sa kung anong uri ng operasyon ang isinasagawa. Ang pinakakaraniwang side effect ay nararanasan sa bahagi ng katawan kung saan isinagawa ang operasyon, gaya ng:

- Pananakit (ito ay napakakaraniwan)
- Impeksyon
- Pagdurugo
- Langib o peklat

Kabilang sa iba pang mga side effect ang:

- Pamumuo ng dugo
- Pagkaalibadbad o pagsusuka
- Pagkasira ng balat, mga kalapit na tisyu, o iba pang mga bahagi ng katawan

## Mga itatanong

Narito ang ilang bagay na maaari mong itanong sa iyong doktor o health care team:

- Bakit ko kailangan ng operasyon?
- Anu-ano ang mga panganib ng operasyong ito?
- Mayroon bang mga espesyal na bagay na kailangan kong gawin bago ang operasyon?
- Maaari ko bang ipagpatuloy ang pag-inom ko sa aking mga karaniwang gamot at supplement bago at pagkatapos ng operasyon?
- Gaano katagal ito aabutin ang operasyon?
- Saan gagawin ang surgery at gaano katagal kong kailangang manatili roon?
- Kailangan ko ba ng iba pang paggamot?
- Ano ang mararamdaman ko pagkatapos ng operasyon?
- Anu-anong mga side effect ang maaari kong maranasan pagkatapos ng aking operasyon?
- Paano mapapangasiwaan ang aking mga side effect at ano ang maaari kong gawin tungkol sa mga ito?
- Saan ako maaaring kumain o uminom pagkatapos ng operasyon? Ano ang maaari kong kainin o inumin?
- Kakailanganin ko bang uminom ng anumang mga gamot pagkatapos ng operasyon?
- Gaano katagal ang kakailanganin kong hintayin upang makabalik sa aking mga normal na gawain?
- Babayaran ba ng aking insurance ang operasyong ito? Magkano ang kakailanganin kong bayaran?
- Kailan ko dapat tawagan ang doktor?
- Kailan ako dapat muling magpatingin sa doktor?

## Kailan tatawagan ang iyong doktor

Tawagan ang iyong doktor o nurse kung napansin mo ang alinman sa mga sintomas na ito pagkatapos ng operasyon:

- Temperaturang mas mataas kaysa normal (lagnat). Ipapaalam sa iyo ng doktor kung ano ang temperatura ng lagnat at kung kailan mo kailangang tumawag.
- Pagdurugo mula sa kung saan ka inoperahan o sa iba pang bahagi ng katawan
- Pananakit kung saan ka inoperahan na hindi kontrolado ng gamot na ibinigay sa iyo
- Pananakit ng ulo na hindi normal para sa iyo, o pananakit na hindi normal sa iyong mga binti, dibdib, o tiyan
- Kahirapan sa paghinga
- Kahirapan sa pagkain ng sapat na pagkain o pag-inom ng sapat na inumin
- Pananakit kapag ikaw ay umiihi o ihing masama ang amoy o malabo
- Hindi makadumi o matigas ang pagdumi

Para sa impormasyon tungkol sa kanser, tulong sa pang-araw-araw, at suporta, tumawag sa American Cancer Society sa **1-800-227-2345** o bumisita sa amin online sa **cancer.org/surgery**. Narito kami sa tuwing kailangan mo kami.



TAGALOG
©2021, American Cancer Society, Inc.
No. 080806
BBB ACCREDITED CHARITY
bbb.org/charity